A former president of the Manila Overseas Press Club (MOPC), Dayang stressed that the court administrator's familiarity with the high tribunal and his supervisory function over lower court judges make him decidedly qualified to become a Supreme Court associate justice.

He also expressed regrets over the move of certain sectors that have raised opposition to Marquez for being shortlisted by the JBC roster.

Recently, in an effort to derail Marquez's SC bid, Rjhay Laurea, founder of the Group of Unified Youth for Social Change, filed a complaint against on the supposed misuse of the $21.0-million loan from the World Bank.

Marquez, who was SC official spokesman under two chief justices, however, responded and said the project and its funds never passed through his office despite his numerous positions. "That was under the Program Management Office, which was never under my watch," he explained.

Dayang noted that the move to remove Marquez from the JBC shortlist is not only suspicious given the timing of the complaint and use of a 2003 report as basis. His exclusion will also deprive the community press in the country of an able defender.



# HELMET

ni FREDDIE MANALAC

## HORSE OWNER GALIT NA GALIT SA HINETE AT ANG HORSE OWNER NA MAY PUSO

ISANG kilalang horse owner ang galit na galit ng ikahon o iperder ang kanyang kabayo ng isang premayadong hinete sa nilahukan Stakes race.

Garapal ang ginawang padadala ng hinete sa kanyang kabayo dahil may tulin ang kabayo sa alisin sa aparato o starting gate.

Sa alisan pa lang pinuwesto sa hulihan ang kabayo gayun may tulin ito. Kamakailan lang sumali ito sa isang malaking karera at dumating ito ng Segundo.

Ganito ang ginawa pagdadala ng hinete sa kanyang kabayo kaya natalo. Pagdating ng rekta pumapalo sa kaliwa pero di sumisiksik si kabayo nung mapalapit na sa meta o finish line pumalo naman sa kanan pero di naman tumutulak.

Ibig sabihin o pinakikita ng hinete na wala siyang interesadong Manalo sa karerang sinalihan.

Kaya siguro bumababa lalo ang kumpiyansa ng mga mananaya dahil sa mga ganitong klaseng insidente.

Imbes na proteksyunan ang mga mananaya yun pang mga TIWALI sa industriya ang nabibigyan ng PABOR.

Napakaluwang na ng racing authorities ngayon palibhasa on the way OUT na sila.

**ONLI IN DA PILIPINS!!!**

**OOO**

Noong mga nakalipas na taon o dekada na ang nakalipas ay maraming malalaking pangalan ang nakilala sa larangan King Of Sports o industriya ng karera ng kabayo. Tulad ng mga Rojas, Quinsumbing, Javier, Esguerra at marami pang iba na naglalakihan pangalan.

Ngayon may isang pangalan ng isang horse owner ang bugang bibig ng Bayang Karerista.

Ito ay si Atty, Narciso "Ciso" Morales na isang matagumpay na businessman. Siya ngayon ang pinakamaraming kabayo tumatakbo sa tatlong karerahan dito sa ating bansa.

May PUSO at maunawain horse owner si Atty. Morales dahil marami siyang na tutulungan Trainer, Jockey, Sota at ang mga nangangasiwa sa kanyang malaking kuwadra.

**MABUHAY PO KAYO ATTY. NARCISO O. MORALES!**

**OOO**

Binabati natin ang mga Chokoran natin mananaya ng Happy Racing na sina Boss Danny Dorendes, Topper, Boss Jun Yabut, Neil Narca,Boss Vic Reyes at Atty. Ben Pineda.



**DOH CALABARZON** Regional Director Eduardo C Janairo affixes his signature on the Pledge of Commitment Board during the signing of the Pledge of Commitment and Health Service Provider's Agreement held at the Sta Rosa City Coliseum in Sta Rosa City, Laguna on June 29, 2018. **BOY NAMORA**

# BARANGAY GINEBRA PASOK SA SEMI-FINALS

**Kasalukuyang sa ngayon ay nasa waiting para sa magiging laro ng semi-finals ng PBA Commissioner's Cup ang Barangay Ginebra matapos talunin ang Meralco Bolts sa puntos na 104-90. Kung saan ay nanguna sa pinakamataas na puntos na 36 si Justin Brownlee upang makamtan ng Ginebra ang best-of-three quarterfinals.**

Sinundan ng iskor na 14 points ni Greg Slaughter, 11 points naman kay LA Tenorio habang 10 points ang naipon ni Japeth Aguilar.

Ikinagalak naman Tim Cone Ginebra coach ang kanilang pagkakapanalo kontra Meralco na nagging daan upang makapasok para sa sime-finals kung saan ay ang may karta nilang 1-5 sa kanilang panimula ng panalo sa pagkakatala.




**GINEBRA JUSTIN BROWNLEE** - HANEP SA HANEP talaga itong si Ginebra import Justin Brownlee mantikin na nakuha pa ng Barangay Ginebra na makapasok sa semi-finals dahil sa huling laro nila kontra Meralco kung saan ay si Brownlee ang siyang may pinakamataas na 36 iskor sa kasagsagan ng laro nila ng 2018 PBA Commissioners Cup quarter finals sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**



**FOOTBALL TEAM MANAGER** - TUMALAKAY ng mahalagang detalye si (pangalawa mula kaliwa) NU Team Manager Joseph Garcia kaugnay ng kanilang pagkakapanalo bilang Kampeon sa nakaraang Ang LIGA Season 15 Football sa La Salle Alabang football field kasama nila sa larawan sa pagbisita sa lingguhang PSA Forum sila Head coach Jose Maria Aberasteri, Benedic Manalo Jr. kasama ang tatlong manlalaro **(RGN)**




**CREAMLINE COOL SMASHERS CHAMPION** - PUNONG – PUNO ng kagalakan at saya ang kuponang Creamline Cool Smashers makaraang makamit ang kampoeon laban sa PayMaya High Flyers sa kanilang finals game ng PVL Season 2 Reinforced Coference-Women Championship sa Mall of Asia Arena, Arena **(RGN)**




# BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## APHRODISIAC, WAGI SA 3YO LOCAL HORSES STAKES RACE

Nagwagi ang hineteng si Claro Saulog Pare Jr. para sa kanyang buwena-manong pagsakay sa isang malaking pakarera na kung saan ay naitawid niya ng primera ang sakay niyang si Aphrodisiac sa naganap na '3YO Local Horses Stakes Race'. Sa alisan ay isa sa mga nasabay sa arangkadahan si Aphrodisiac at sa salidang iyon ay unti-unti muna siyang inawat ni Claro upang hayaan ang mga kalaban nilang kumaripas na magdikta ng ayre. Pagdating sa medya milya (800 meters) ay inumpisahan ni Claro na hingan na ang kanyang dala at agad naman na nag responde si kabayo kaya nakalapit ang tambalan nila sa tatlong kalaban na nauuna. Sa tres oktabos (600 meters) ay nakadikit na silang dalawa at sa lakas na taglay pa ni Aphrodisiac ay naagaw nila ang bandera sa huling kanto sabay layo pagsungaw sa huling diretsahan. Sa paglayong iyon ay wala nang nagawa pa na makahabol ang mga kalaban dahil tanging sila lamang ang may taglay na remate sa nasabing laban. Ikanga ay talagang pabor kay Aphrodisiac ang distansiya at nadehado lamang sa hinete. Naorasan si Aphrodisiac ng tiyempong 1:56.4 (13'-23'-25'-25'-28') para sa 1,800 meters na distansiya mula sa segundo ay sina The Barrister, Princess Eowyn, Courageous, Barrett Browning, Hamlet, Lourdes Drive at Sheltex Magic. Makakatanggap ang may-ari ni Aphrodisiac na si Ginoong Rely De Leon ng halagang P300,000 bilang guaranteed prize sa pagkapanalo at halagang P15,000 para sa breeder ni Aphrodisiac. Sa 'Hopeful Stakes Race' ay namayani ang paboritong si Disyembreasais na sinakyan ni Jordan Cordova na hindi pinaporma pa ang walong nakalaban niya para sa nasabing tampok na pakarera. Mula sa alisan ay hindi na nagpabaya si Jordan na halos diskarteng bandera na rin kahit pa hinayaan niyang makalayag ang bumanderang si Royal Signal. Bago pumasok nang ultimo kuwartos (400 meters) ay hiningan na ni Jordan ang kanyang dala kahit may kalayuan pa ang ibang mga kalaban na nasa tersero puwesto, kaya naman pagliko sa huling kanto ay naagaw na nila ang unahan sa nakaramdam na ng pagod na si Royal Signal. Sa rektahan ay may tatlong kabayong layo na siya sa harapan sabay pasok sa may tabing balya ang rumemateng si The Best Ever ni Pati, subalit huli na ang lahat at may taglay na galit pa sa pagkamot ang kabayong si Disyembreasais hanggang sa makatawid sa meta. Tumapos ang laban na iyan ng 1:55.6 (13'-23'-25'-25'-29') sa parehong distansiya na 1,800 meters. Para sa kumpletong datingan mula sa segundo ay sina The Best Ever, Tapster, Jack Hammer, Foolish Heart, Sheer Misha, Talitha Koum at Royal Signal. Makakatanggap ang may-ari ni Disyembreasais na si Freddie Santos ng halagang P600,000 bilang guaranteed prize sa pagka panalo at halagang P30,000 para sa breeder ni Disyembreasais.

# Asian Table Tennis Champ, Philippine 4th Placer


MAITUTURING na matagumpay pa rin ang naging kinalabasan sa paglahok ng Team Philippines sa katatapos na Southeast Asian Junior and Cadet Table Tennis Championship kung saan ay nasa 4th placer ang Philippines Team na isang malaking accomplishment sa pagkakatala.

Sa pahayag ni PTTL Philippine Table Tennis Federation President Ting Ledesma na malaking bagay pa rin ang silver at dalawang bronze at maipagmamalaki na may pinakamataas na nakuha nila mula taong 2013.

Kakulangan umano ng training center at facilities na siyang isa sa mga nagiging kadahilanan ng kinakaharap na suliranin ng mga atleta sa bansa dahil sa ang Philippine Sports Commission ay may dalawang mesa lamang para sa table tennis para sa mga pagsasanay na ginagamit.

Magkaganon man inihayag pa ni Ledesma na sa hinaharap ay naglalayon silang sa ibat-ibang dako ng bansa na maglagay ng table tennis sports clinic. Upang higit pang mapalawak ang kaalaman sa larangan ng table tennis.

Samantala isang pabatid pa ni Ledesma sa kasalukuyang pamahalaan na tulongan ang mga atleta sa pamamagitan ng gamit sa table tennis lalo higit ang mga kabataang nakikipag tagisan sa labas ng bansa.





**HANEP PINAS** May pang World Class Sports Complex na - BINATI ni DFA Secretary (PHISGOC Chairman ) Allan Peter S. Cayetano si PSC Public Communications Office chief Malyn P. Bamba bago mag simula ang ginanap na briefing para sa Sports Facilities na parti ng New Clark City's particular ang Athletic Stadium na may 20,000 seating capacity, kasama sa larawan si President Philippine Paralympic Committee Michael Barredo, sa dakong ibabang larawan makikita sina Philippine Olympic Committee President Victorico "Ricky" Vargas, Tarlac Governor Susan Yap, PBA Party List Congressman Mikee Romero, Bases Conversion and Development Authority (BCDA) President Vivencio Dizon, Pampanga Congressman Rimpy ng bisitahin nila ang loob ng ginagawang pang World Class Sports Complex sa Capaz Tarlac kung saan ay matatapos sa 2019 para sa kahandaan bilang hosting ng bansa sa 30th Southeast Asian Games **(RGN)**

## Davao's Dimakiling kampeon sa Malaysia chess tournament

SINGAPORE—Pinagharian ni International Master Oliver Dimakiling ang katatapos na Melaka International Chess Festival 2018 Category Open Tournament na ginanap sa Grand Ballroom,Freeport A' Famosa Outlet sa Alor Gajah, Malacca, Malaysia

Si Dimakiling na ipinagmamalaki ng Davao City, hometown ni President Rodrigo Roa Duterte ay nakakolekta ng 6.5 points tungo sa pagbulsa ng 2,000 Malaysian ringgit cash prize sa 20 minutes Rapid time control format.


Ang pinaka importanteng panalo ni Dimakiling kontra kina National Chess Championships ruler International Master Haridas Pascua sa sixth at penultimate round at Michael Angelo Palma ng Philippines sa seventh at final round.

Nakakopo naman ng second hanggang fourth places ayon sa pagkakasunod sina National Master Stewart Manaog ng Philippines, Grandmaster Alexander Forminyh ng Russia at International Master Emmanuel Senador ng Philippines na nakaipon ng tig 6 points.

Nakaipon naman si Baguio City based Pascua na tubong Mangatarem, Pangasinan ng 5.5 points, iskor na naikamada din ni Sabri Mohd Saprin ng Malaysia.

Nanguna naman si Malaysia based Palma sa huge group ng five pointers na kinabibilangan naman nina Fide Master Nelson Villanueva ng Philippines, Yusof Kamaluddin, Che Hassan Abdullah, Abdullah Muhd Rafiquzzaman, Bakal Mohd Bakri at Chek Kin Keuw ng Malaysia.

Sa iba pang balita sa chess ay nagkampeon si Senador sa Penang Chinese Girls' High School Hall (PCGHS) Open 2018 nitong Linggo, Hulyo 8, 2018. Nakapagtala si Senador ng 7.5 points sa eight outings tungo sa pagsubi sa titulo ng 15 minutes plus ten seconds increment time control fom at.**(Marlon Bernardino)**


E-POWER MO
E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE
We have the Energy Ability.
Tamang pag-iingat,
pag-aalaga, at diskarte.
May abilidad tayong mapanatiling sapat
para sa ating mga pangangailangan ang
Enerhiya ng Ating Bayan.
#EPowerMo
doe.gov.ph
Department of Energy

# BEA BINENE, MATATAMEME BA SA KANYANG INA?

**ANG mga babae ay may likas na kagandahan subalit mayroong kanya-kanyang kategorya.**

Kumbaga ay may klasipikasyon ang bawat byuti siyempre batay na rin sa analisa o paningin.

Kagaya ni Bea Binene na hindi nakakasawang pagmasdan ang aura ng kanyang mukha.

Sa tingin nga natin habang tumatagal ay paganda nang paganda pa ang aktres.

Masaya ang mga fans ng aktres lalo at matutunghayan na naman nila si Bea simula ngayong Hulyo 16.

Maselan ang papel na gagampanan ni Bea sa teleseryeng 'Kapag Nahati Ang Puso' sa GMA 7.

Kapana-panabik dahil puso nga ang pinag-uusapan o ang nakasalalay.

Ang katanungan ay matatameme kaya si Bea sa kanyang ina sa naturang teleserye.

Gagampanan ni Sunshine Cruz ang pagiging ina ni Bea sa drama series na ito.

Kahit saan anggulo tingnan at pagmasdan ay wala pa ring kakupasan ang byuti ni Sunshine.

Sa kasamaang palad ay magiging magkaribal sina Sunshine at Bea.

Magsisimula ang paghati ng puso sa katauhan ni Benjamin Alves.

Kaninong puso ang magwawagi, matatameme nga ba o matatalo si Bea ng kanyang ina?

Kung paano at bakit naging magkaribakl ang mag-ina ay tutukan na lamang po ninyo ito sa Channel 7 bago ang inyong paboritong noontime show na Eat Bulaga.

Huwag bibitiw sa 'Kapag Nahati Ang Puso' upang matukoy kung sino sa mag-ina ang matatameme.

Bukod sa tatlo ay lead casts din sina Zoren Legaspi at Bing Loyzaga.

Gaganap din ng mahalagang role si David Licauco at kasama rin sina Raquel Villavicencio, Robert Ortega , Sharmaine Santiago, Geleen Eugenio , at Nar Cabico.

Ang basketball star turned politician/actor na si Freddie Webb ay special guest ng serye at sa ilalim ito ng direksiyon ni Direk Roy Iglesias.

Speaking of mother and daughter/kids relationship, saludo tayo kay Sunshine Cruz pagdating sa trato sa kanyang mga anak.

Hiwalay si Sunshine kay Cesar Montano at mayroon silang tatlong anak.

Knowing na naintriga hindi ba si Cesar sa isyu ng korupsyon kaugnay sa Buhay Carinderia project ng Department of Tourism.

Dahilan naman iyon ng pag-resign ni Cesar bilang chief operating officer ng Tourism Promotions Board.

Sa pangyayari ay apektado ang tatlong kids nila gayunman ang payo na lamang ni Sunshine sa mga anak na still prayer for their father.

Concern pa rin si Sunshine para kay Cesar dahil ama ng kanilang mga anak.

Kaya naman ayaw ni Sunshine na magtanim ng galit ang mga anak nila kay Cesar.

Kahit nauwi sa hiwalayan ang kanilang 13-year marriage, still ama pa rin si Cesar ng mga bata.

Sa nangyaring hiwalayang Sunshine-Cesar, matatandaang nadawit pa ang pangalan ng sexy star na si Krista Miller.

Palaging ipinababatid ni Sunshine sa mga anak na nagmula sa sariling sikap at pawis kung ano man mayroon sila.

Happy naman na sa ngayon si Sunshine sa kanyang kasalukuyang boyfriend na si Macky Mathay na half-sibling ng sexy actress na si Ara Mina.



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 73 labas)**

KAYA naman pagkauwi ay pagsisinungaling ang salubong ni Kardo sa kanyang misis.

Si Inday naman ay halos kumabog pa ang dibdib habang nagkukuwento si kapitan.

Ang hindi alam ni Inday ay puro saliwa o wala sa katotohanan ang mga pinagsasasabi sa kanya ni Kardo.

"Mabuti naman at walang nangyaring 'di maganda, alam ko naman na nag-iingat ka eh."

"Ang mabuti pa siguro ay magpahinga ka muna bago ka magpunta ng barangay hall."

"Kain ka muna kaya bago matulog, gusto mo ipagluto kita ng gusto mo?"

Kagaya ng dati ay ipinapakita at ipinapadama ni Inday ang kanyang pag-aalala at pag-aasikaso kay Kardo.

Sapat na ang tulog ni kapitan at busog na rin dahil ang kanyang oras ay napahiram niya kay Lyka.

Pero kahit nakapag-almusal na kina Lyka ay kailangang kumain pa rin ni kapitan kahit konti para hindi makahalata si Inday.

Siyempre kahit maayos na ang tulog ay kailangan pa rin ni Kardo na magpunta ng kuwarto nilang mag-asawa para kunwari ay matutulog siya.

Hindi naman nanggagambala si Inday dahil bukod sa mag-aasikaso ng kanilang anak at groserya o mga gawain sa bahay ay ang pagkakaalam nga kasi ni misis ay puyat at pagod ang kanyang mister.

Sinasamantala na lang ni Kardo na pagtuunan ng pansin ang mga gawain niya sa barangay kagaya ng ilang paper works at iba pa.

Para nga naman bawas na ang load ni kapitan o ang kanyang trabaho pagdating ng barangay hall.

"Basta ang pakakataandaan mo ay 'wag na 'wag kang magtitiwala kahit kanino."

"Kahit isa sa mga kasama o kaibigan mo ay 'di ka dapat nagsasabi o nagkukuwento."

"'Saka kahit isa sa kanila ay wala kang hihingan ng saklolo o tulong na may kinalaman sa relasyon natin."

Habang nakahiga ay muling naaalala ni Kardo ang madalas na sinasabi sa kanya ni Lyka.

May nabanggit kasi dati si Kardo kay Lyka na dapat ay isa sa kanyang malapit na kaibigan ang kukutsabahin sana niya.

Pero agad-agad ay kinontra ni Lyka si kapitan kasabay ng pagpapaliwanag. **(Itutuloy)**

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-72 labas)**

DUMATING na ang pinakahihintay-hintay na araw ni Dagul.

Ilalabas na ng mababang hukuman ang order o desisyon para sa kaso ng pagpatay sa kanyang ama.

Tahimik na tahimik sa loob ng court room at pigil na pigil ang paghinga ng bawat isa.

Lalung-lalo na ang tatlong magkakapatid partikular si Dagul dahil siya ang tumayong manananggol para sa nasabing kaso.

Napakatagal na panahon na inasam-asam ng magkakapatid ang naturang hustisya.

Isa nga iyon sa pinakamatibay na dahilan ni Dagul ng pagsusumikap na maging isang abogado upang siya mismo ang haharap sa korte.

Nakayuko sina Bert at Jerome na parehong nakapikit habang hinihintay ang kalalabasan ng hatol.

Si Dagul naman ay diretso lamang ang tingin at alam niya na ang dating propesor ay nakatingin lamang sa kanya.

Alam ni Dagul na mayroong galit o hinanakit sa kanya ang dating propesor bilang abogado ng kalaban.

"Diyos ko po…Diyos ko po…Maraming-maraming salamat po. Salamat po Panginoon."

Labis-labis ang pasasalamat ni Dagul pati ng kanyang nga kapatid na sina Jerome at Bert nang ibaba o basahin na ang hatol.

Habambuhay na pagkakabilanggo ang naging hatol ng hukom sa dalawang salarin na responsable sa pagpatay sa tatlong magkakapatid.

"Kahit nasa kabilang buhay na si tatay ay alam namin na masaya siya sa nangyaring ito ngayon."

"At ang pinakasigurado kami kuya ay ipinagmamalaki ka ni tatay."

Nagyakap-yakap ang magkakapatid pagkatapos basahin ang hatol sa mga salarin.

Bilib na bilib sina Jerome at Bert sa kahusayan at tapang ng kanilang Kuya Dagul.

Sa pangyayari ay umugong ang pangalan ni Dagul sa publiko sa pamamagitan ng media.

Kinilala ang katapangan at kahusayan ni Dagul sa larangan ng abogasiya.

Kaliwa't kanang offers ang natatanggap ni Dagul sa mga law firms subalit wala siyang pinaunlakan.

"Salamat po."

**(Sundan)**

# CAVITE SCHOLARSHIP PROGRAM OPENS ONLINE APPLICATION THIS AUGUST

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Cavite province will open the online registration/creation of scholarship account and submission of scholarship application for the first semester of school year 2018-2019 on August 6.**

The registration and submission of application for the provincial scholarship program (PSP) is open to all residents in the collegiate level, especially for incoming 1st year college students.

The online registration ends Sept 5.

As announced on the PSP website, the program, which is implemented through the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO), "aims to academically equip financially incapable yet academically-qualified students".

PSP Secretariat Chair Alvin S. Mojica said qualified scholars are assured of a financial subsidy "but must maintain a general average grade of 85, with no grade below 80 to be considered for admission".

He said the grade average must be maintained to continue enjoying the program, which shall adopt a "one-family-one applicant policy".

The total number of awardees shall be determined by the Scholarship Committee, subject to the fund allocation per year. ***(Gladys Pino-PNA)***



Serve the people: Ito ang tema ng mensahe ni DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo sa harapan ng mga bagong opisyales ng Association of Municipal Health Officer (AMHOP) Cavite Chapter na ginanap sa The Bayleaf Hotel sa Gen. Trias City, Cavite **(GENE ADSUARA)**



**PROVIDING COMPREHENSIVE HEALTHCARE SERVICES FOR TANZA RESIDENTS:** A total of 535 residents gladly voiced out their appreciation to the volunteer medical practitioners from the provincial government and the provincial health office who provided the comprehensive health care services for the locals of Barangay Bagtas in the municipality of Tanza on July 9, 2018. Free consultations and checkups were given to 310 children, 134 adults and 64 senior citizens while 27 patients availed free tooth extraction. Likewise, mothers were given special lectures and counselling on family planning, responsible parenthood and proper birth spacing by the employees of the Cavite Population Office. The event was made possible thru the effort of Barangay Captain Manuel "Boyet" Mintu Jr. who requested the medical mission, together with the members of the sangguniang barangay -**(PICAD)**




**2018 RAPESO Mid-Year Performance Assessment**

In its goal to reinforce its commitment on public employment services and fortify their linkages, the Regional Alliance of Public Employment Services Office (RAPESO) convened the 2018 RAPESO Mid-Year Performance Assessment hosted by the province of Cavite which was held at The Bayleaf Hotel in the City of General Trias on July 4-5, 2018. The gathering was attended by more than 100 PESO Managers and staff in the region and officials from the Department of Labor and Employment (DOLE). This endeavor was a priority program of DOLE in partnership with the local government units thru PESO Region IV-A.

Board Member Kerby Salazar, Committee Chair on Industrial Peace, Labor and Employment delivered an inspirational message and represented General Trias Mayor Antonio Ferrer and Cavite Governor Jesus Crispin Remulla. In spite of his tiring schedule, BM Salazar made an effort to join in the gathering to stimulate the minds of PESO Managers to use their abilities to inspire and motivate the job seekers and advise them to persevere to find a decent job. He stressed that helping fellow Caviteños to find a job can help them uplift their way of living.

Atty Evelyn Ramos, DOLE IV-A OIC -Regional Director echoed her admiration to the performance of various PESO organizations in CALABARZON and boost their morale by saying that anything can be achieved if they will lend extra effort to accomplish it. She also reiterated her views on the relevance of the roles of PESO Managers to provide excellent assistance to aspiring applicants and maintain its convergence and communication with different agencies which can be a partner in providing decent job for job seekers."

During the assembly, Ms. Zoe T. Diaz de Rivera, Chairperson of the Special Committee on Strengthening Academe Industry Linkages – CALABARZON Regional Development Council tackled the topic "Adopting the Recommendation of the 1st CALABARZON Jobseekers' Summit and Requesting the Support of Concerned Agencies and Organizations." On the other hand, Ms. Maryjane Corcuera, Laguna Provincial PESO Manager discussed the OFW Flight- Case Management and encouraged the participants to keenly monitor their OFW and dependents to ensure their safety.

Likewise, Ms. Maria Angelic Espiritu Yaun from DOLE conversed the topic "How to Deal with Simple Labor Complaints; Non-Applicability of D.O 174-17; and How to Determine a Labor Only Contractor". An open forum was facilitated to respond on clarifications and answer the queries of the participants. A fellowship night and awarding of certificates to distinguished municipalities and cities of CALABARZON was also held to motivate the PESO employees and inspire everyone to perform well.

On the second day, DOLE led the presentation and assessment of 2018 January-June Accomplishments by province. Workshop on Design Thinking Approach was also initiated and presented by CALABARZON attendees. Dr. Eva Defiesta, OIC- Cavite Provincial PESO and President of PESO Manager's Association of Cavite, Inc delivered the closing remarks and persuade every member of RAPESO to work hard for the attainment of a common goal. Mr. Ariel Mogul, General Trias City Executive Assistant IV, manager of the city government's PESO and president of the PESO managers in Region IV-A spearheaded the ceremonial turnover as host province for the performance assessment from the province of Cavite to the province of Laguna. —**(PICAD)**

# Grade 10 students tinuruan na sa pagnanakaw, 5 kasama huli

SA murang edad ay kinakasangkapan na ang dalawang menor de edad na dalagita ng lima nitong kasamahan upang mag-umit ng tinatayang P14,000 halaga ng grocery items sa isang supermarket sa Bacoor City, Cavite.

Nakakulong ngayon sa Bacoor City Custodial Center sina Leslie Ann Mejares, alias "Leslie", 19, ng 67 Brgy. Daang Amaya-2, Tanza ; Judy Ann Bolante, alias "Judy", 20, ng 151 Brgy. Punta-1, Tanza ; Jhovel Reyes, alias "Ella", 20, ng 16 Brgy. Punta-1, Tanza ; Rongie Mogol alias "RM", 21, ng 151 Brgy. Punta-1, Tanza ; at Errol Llanes, alias " EM", 21, ng 151 Brgy. Punta-1, Tanza.

Hawak naman ng Municipal Social Welfare and Development sina alias Grace at Judy, 15 anyos at kapwa grade 10 dahil sa reklamo ni Jeff Menorca, 25, Civilian Security Guard ng SM Supermarket, Bacoor City.

Sa report ni PO3 Edison Fetalcurin ng Bacoor City Police Station, dakong alas-5:00 ng hapon nang pumasok ang mga suspek sa nasabing supermarket at nagpanggap na mga mamimili.

Sa pamagitan ng mga dala nilang backpack, nagkutsabahan isinilid ang ilang school supplies, assorted clothes at mouthwash na umabot sa halagang P14,000.

Pero lingid sa kaalaman ng mga suspek ay nagduda na si Menorca sa ikinikilos ng mga ito kaya bago pa man lumabas ay inaresto kung saan narekober ang masabing mga grocery items.

Kasong Theft thru shoplifting ang isinampang kaso laban sa mga suspek.

**GENE ADSUARA**

**CLASSIFIED ADS**

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# HABAMBUHAY, HATOL NG KORTE SA 2 'TULAK'

**GINAWARAN kamakailan ng habambuhay na pagkabilanggo ng Manila Regional Trial Court (RTC) Branch 13 ang dalawang akusado sa kaso ng pagbebenta ng bawal na droga sa Plaza Sta. Cruz, Sta. Cruz, Maynila tatlong taon na ang nakararaan.**

Sa desisyon ni Judge Emilio Rodolfo Y. Legaspi III, inatasan din sina Johary Hadji Noor at Amir Salong na magmulta ng tig-kalahating milyong pisong matapos mapatunayan na nilabag nila ang Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, section 5, o pagtutulak ng shabu.

Sa record ng korte, nasakote ng Philippine Drug Enforcement Agency o PDEA ang dalawang akusado matapos magbenta ng 501.1 gramo ng shabu sa mga ahente ng ahensiya noong alas-9:00 ng gabi ng Hulyo 6, 2015.

Mariing itinanggi ng dalawang akusado ang akusasyon laban sa kanila dahil naglalakad lamang sila sa Arranque St., Sta. Cruz pauwi sa kanilang bahay sa Quiapo alas-1:30 ng hapon noong nabanggit na petsa nang dakpin sila ng mga nakasibilyan na indibiduwal.

Isinakay sa Toyota Vios at dinala sila sa Quezon Avenue saka hiningan ng isang milyong piso kapalit ng paglaya, ngunit hindi nila naibigay kaya sila ay dinala sa headquarter ng PDEA at kinasuhan.

Hindi binigyang merito ng hukom ang depensa ng dalawang akusado na itinuring ni Judge Legaspi na alibi lamang.

Sa pagpapataw ng parusa kina Noor at Salong, nilinaw ni Judge Legaspi na napatunayan ng mga saksi at dokumentong inihain ng panig ng prosekusyon na sangkot sa pagtutulak ng bawal na droga ang dalawa.

Kaugnay nito ay nagpalabas na rin ng mittimus orders ang hukom para mailipat na sa New Bilibid Prisons sina Noor at Salong. **(Leonard basilio)**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## 'Di nakatiis si Tatay Digong

TALAGANG hirap o hindi makatiis si Pangulong Rodrigo Duterte sa pagbatikos sa Simbahan.

Siyempre maging ang doktrina o pananampalataya nito kaugnay sa Diyos at pagkakalikha ng langit at impiyerno ay kasama sa batikos.

Malinaw naman na kamakailan ay pumayag si Tatay Digong na hindi muna siya magkokomento laban sa Simbahan.

Pahayag ito ni Duterte pagkatapos ng one-on-one meeting niya kay Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) President Archbishop Romulo Valles sa Palasyo.

Pero muling nangati ang dila ng Pangulo sa ginawang talumpati sa National Micro Small and Medium Enterprise Summit 2018 sa Clark Freeport Zone, Pampanga.

Bumanat na naman at kinastigo ang umano'y paggamit ng mga pari at obispo sa Diyos bilang pambabatikos laban sa kanya.

Ang paliwanag ni Duterte ay ang tungkol sa umiiral na separation of state and church.

Dapat daw ay hindi dinagamit ang pananampalataya at ang Diyos hinggil sa ginagawa niyang pamumuno.

Agree po ba kayo roon?

Pagmamalaki pa ni Tatay Digong ay hindi raw bastos ang kanyang Diyos.

Hindi rin daw nagmumura at walang sinasabi o ang tanging sinasabi lamang ay "Ten Commandments."

Ang Diyos daw ni PRRD ay hindi "stupid" na ang ibig sabihin ay hindi lilikha ng impiyerno upang susunugin lamang doon ang nilikhang tao ng kanyang Diyos.

Magulo ano po, sino nga ba ang tinutukoy na Diyos ni Tatay Digong?

Ang sabi pa ni Duterte ay hindi siya naniniwala na mayroong langit.

Kung totoo raw na may langit ay nakakatiyak siya na iilan lamang ang makakapunta roon.

Kanya-kanya talagang paniniwala, respetuhan na lamang siguro ang dapat.

# E service on line inilunsad ng DSWD

Naniniwala ang pamunuan ng Department of Social Welfare and Development-National Capital Region na lalong mapabibilis at mababawasan na ang Red Tape sa ginawang launching ng ahensiya ng E-Services On line Application for Travel Clearance for Minors sa ibang bansa.

Sa ilalim ng DSWD E-Services ang ahensiya ay magbibigay ng direktang access sa pamamagitan ng Internet.

Ibig sabihin maaari ng mag-apply ang mga magulang o guardian ng mga bata para sa nasabing travel clearance gamit lamang ang cellphone o computers.

Ayon kay DSWD Secretary Virginia Orogo humahanap ng paraan ang ahensiya upang mapaayos at mapabilis ang kanilang sistema sa pagbibigay serbisyo sa publiko.

Paliwanag ng kalihim ang Travel Clearance for Minors Traveling Abroad ay alinsunod sa Administrative Order No. 12 series 2017 o Omnibus Guidelines for Minors Traveling Abroad upang mabigyan ng proteksyon ang mga menor de edad at mabigyan ng access sa iba pang legal na dokumento.

Ayon naman kay Usec Isko Moreno, ang naturang hakbang ay alinsunod sa kautusan ng pangulo na padaliin ang buhay ng mga Filipino sa tuwing nakikipag transaksyon sa pamahalaa o ease of doing business. **(Leonard basilio)**



INIIMBESTIGAHAN ni MPD PS3 INTEL chief Sr./Insp. Edward Samonte ang mga suspek na natimbog ng mga operatiba ni MPD PS3 Supt. Julius Cesar Domingo na sina Mamad Kabil, 19, ng Baseco Compound; at Alex Anicieto, 22, residente ng Tondo, Maynila sa buy bust operation at makumpiska ang ½ kilo ng marijuana na nagkakahalaga ng P14K na ibinenta ng mga suspek, na sinasabing tulak at courier, sa nagpanggap na police posseur buyer sa Mayhaligue St., Sta. Cruz, Maynila. **(BRIAN GEM BILASANO)**



NAKALAWIT ng mga tauhan ni MPD Station 3 commander Supt. Julius Ceasar Domingo sa pangunguna ni Barbosa PCP Sr/Insp. Lopez ang isang AWOL na pulis na si Ronald Prado 40, dating myembro ng PNP mula 2007 hanggang 2013 na huling na-assign sa Pasay Police habang naglalaro ng Cara y Cruz sa Palanca St., Brgy 384, Quiapo, Maynila kasama ang dalawa pa na sina Joan Ortiz, 41, ng Pureza Sta. Mesa; at Elezar Berongan, alyas Ely, na sinasabing tulak ng droga at matagal na rin kapwa under sureveillance ng pulisya sa pinaigting na Anti Criminality and drug campaign at nakumpiska ang 17-sachet ng shabu at drug money sa mga suspek. **(BRIAN GEM BILASANO)**




NAGPOSITIBO ang isinagawang pagsisilbi ng search warrant ng MPD PS1 laban sa suspek na si Avelino Saucelo y Gapate alyas Saya ng No 1 Area 32, Gawad Kalinga Cmpd na sinasabing tulak ng droga sa nasabing komunidad, Nakumpiska sa loob ng bahay ng suspek ang isang revolver; 2 Improvised shotgun; 5 live shotgu ammo; 15 piraso ng sachet ng shabu na may timbang na 6grams nagkakahalaga ng 30k,Inaresto rin ang 7-katao na inabutan sa nasabing bahay nang salakayin ng mga tauhan ni MPD PS1 Supt Jay Dimaandal sa pangunguna nina SDET C/Insp Manny Israel at SM PCP Sr/Insp Dave Abarra. **(BRIAN GEM BILASANO)**



**OPLAN GREYHOUND!** NAGSAWA ng surprise inspection ang kapulisan ng MPD Station4 sa pamumuno ni Supt. Andrew Aguirre at bagong LACSON PCP/SDET SR/Insp. Geuel Capuz sa detention cell sa nabanggit na himpilan upang masiguro na walang droga o anumang ipinagbabawal na bagay ang naipupuslit sa loob ng selda. Nadiskubre ng otoridad ang mahigit sa sampung (10) kaha ng sigarilyo sa loob ng piitan bagay na iniimbestigahan ni Supt. Aguirre kung paano naipuslit ito. **(BRIAN GEM BILASANO)**



Mga pasaway na trisikel at pedicab driver na ginagawang terminal ang kalye na dinadaan ng mga motorista. Nagiging sagabal ang mga ito sa daloy ng mga dumadaan sasakyan sa lugar. Makikita sa larawan ang trisikel at pedicab sa may Vito Cruz, Maynila na ginawang illegal terminal. Matagal ng nakikita ang mga ito sa nasabing lugar ngunit hindi ito hinuhuli ng autoridad. **(FREDDIE M. MANALAC)**


₱41,600.00*
Maternity Benefit ko.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph
SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM